

Pagsusuri sa karanasan ng mga mag-aaral sa maiikling pagsusulit sa Filipino

Papiona, John Mark ✉

Leyte Normal University, Philippines (papionajohnmark@gmail.com)

Received: 4 May 2026
Available Online: 10 May 2026

Revised: 7 May 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26177

Accepted: 9 May 2026

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711
OPEN ACCESS



Abstract

Learning is a dynamic process involving both teachers and students, with assessment serving as a crucial component. Quizzes, according to prior studies, exert varied effects on learners, including those enrolled in Nursing programs. However, no existing research has explored the experiences of Nursing students with short quizzes in Filipino—a significant gap, given the expectation that they will effectively utilize the language in their profession. This study therefore aimed to (1) examine students' experiences, (2) identify factors influencing their success or failure, and (3) gather suggestions for designing effective Filipino assessments. Employing an explanatory sequential design, a survey was conducted among 101 students, followed by interviews with ten participants. Results revealed that Filipino quizzes (1) serve as a basis for student learning and (2) highlight areas requiring further study. Students reported higher success rates when examinations were announced early, while failure was attributed to (1) lack of diligence, (2) reliance on verbal questioning, (3) the structure of test items, and (4) forgetting previously studied material. Suggested improvements included (1) the use of printed questionnaires, (2) the construction of concise questions using familiar words, and (3) the administration of immediate quizzes after discussions. Overall, Nursing students demonstrated diverse experiences shaped by multiple factors, underscoring the importance of integrating their recommendations in the development of more effective Filipino assessments, with potential applications across other disciplines.

Keywords: assessment, quizzes, Nursing, Filipino, learning

Pagsusuri sa karanasan ng mga mag-aaral sa maiikling pagsusulit sa Filipino

1. Abstrak

Ang pagkatuto ay prosesong kinasasangkutan ng guro at mag-aaral. Bahagi nito ang pagtataya gamit ang mga pagsusulit na batay sa ilang pananaliksik ay may iba't ibang epekto sa mga estudyante, kalakip na ang nasa kursong Nursing. Sa kasalukuyan, wala pang pananaliksik hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral ng Nursing sa maiikling pagsusulit sa Filipino na mahalagang isagawa dahil inaasahang mahusay nila itong magagamit sa kanilang propesyon. Kaya naman sa layuning masuri ang (1) karanasan ng mga mag-aaral, (2) matukoy ang mga salik sa kanilang pagpasa at hindi pagpasa, at (3) makalikom ng mga mungkahi sa paggawa ng epektibong pagsusulit sa Filipino ay isinagawa ang pananaliksik na ito. Gamit ang *explanatory sequential design*, nagsagawa ng sarbey sa 101 na mag-aaral at kinapanayam ang sampu sa kanila. Natuklasan na ang mga pagsusulit sa Filipino ay (1) nagiging batayan ng pagkatuto ng mga mag-aaral at (2) nakatutukoy sa mga dapat pa nilang pag-aralan. Sila ay nakapapasa kung maagang ipinabatid ang pagsusulit, at bumabagsak naman dahil sa (1) katamaran, (2) berbal ang pagtatanong, (3) anyo ng mga tanong, at (4) pagkalimot sa pinag-aralan. Mula rito, iminungkahi ng mga mag-aaral ang (1) paggamit ng nakalimbag na talatanungan, (2) pagbuo ng maiikling tanong gamit ang karaniwang mga salita, at (3) agarang pagbibigay ng pagsusulit pagkatapos ng talakayan. Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay may iba't ibang karanasan sa mga pagsusulit sa Filipino na dulot ng iba't ibang salik kaya't mahalagang isaalang-alang ang kanilang mga mungkahi sa pagbuo ng epektibong pagsusulit, maging sa iba pang larangan.

Susing-salita: pagtataya, pagsusulit, Nursing, Filipino, pagkatuto

2. Introduksyon

Ang pagkatuto ay mahaba at tuloy-tuloy na prosesong kinasasangkutan ng guro at mag-aaral (Alia & Dolotallas, 2018). Ayon pa sa United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO), ang pagkatuto ay isang proseso ng pagkakaroon ng kaalaman at kakayahan sa pamamagitan ng mga karanasan, pag-aaral, at panuto. Kalakip din nito ang mga kasanayang kailangang mahasa na magagamit ng tao sa iba't ibang layunin sa araw-araw. Ang pagkatuto ay maaaring mangyari sa iba't ibang kaparaanan at lugar ngunit madalas ay nangyayari ito sa loob ng silid-aralan kung saan ang mga mag-aaral ay nakatatanggap ng kaalaman, gumagawa ng mga gawain, at sumasailalim sa mga pagtataya. Dagdag pa, isinasaad sa DepEd Order No. 8, s. 2015 na ang pagtataya sa klasrum ay mahalagang bahagi ng pagpapatupad ng isang kurikulum. Ito ay nahahati sa dalawang uri, ang *formative* at *summative* na pagtataya. Ipinaliwanag ng dokumentong ito na ang *formative assessment* ay maaaring ibigay sa kahit na anong bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan nito ay nababatid ng guro, mag-aaral, at magulang ang kalagayan ng pagkatuto ng isang estudyante. Sa tulong nito ay magagawa ng guro na baguhin ang paraan ng kaniyang pagtuturo kung ito ay hindi na epektibo para sa mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral naman ay nakapagninilaynilay sa kanilang akademikong pagganap.

Kung gayon, ang mga pagtataya ay maaaring ibigay sa mga mag-aaral nang isahan o pangkatan. Ayon pa rin sa nabanggit na memorandum, sa pamamagitan ng isahang *formative assessment* ay naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan at mga nahasang kakayahan. Ang isahang *formative assessment* ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng mga pagsusulit, pasulat na mga gawain, gawaing pagganap, at paggawa ng mga elektronikong presentasyon. Ang pananaliksik na ito ay nagnais na mabigyang-tuon ang usapin tungkol sa pagsusulit. Patunay pa rito, ang pagsusulit ay isang nakasulat o pabigkas na pagsubok para matukoy ang kahusayan o kaalaman ng isang tao. Sa pamamagitan ng pagsusulit ay nakakukuha ang guro ng mga impormasyong magagamit niya sa ebalwasyon. Nagagamit din ito sa pagbibigay ng marka sa mga mag-aaral. Tunay na malaki ang papel ng pagsusulit sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto kaya nararapat lamang ang patuloy na pag-aaral hinggil dito.

Samakatuwid, marami nang pananaliksik ang isinagawa tungkol sa naging impluwensya ng pagsusulit sa

pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa isang pag-aaral na ibinahagi sa Iowa State University LAS News (2020), ang mga mag-aaral na sumasailalim sa mga pagsusulit nang isang beses sa bawat linggo ay mas nagkakaroon ng magandang marka sa kanilang panggitna at pinal na eksaminasyon. Lumabas ang parehong resulta sa pananaliksik nina Gokcora at DePaulo (2018) at idinagdag nilang nagiging regular ang pagdalo sa klase ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaroon ng mga pagsusulit. Nakapagpapataas din ito sa pagtitiwala sa sarili ng mga mag-aaral (Vinall & Kreys, 2020); at napahahaba ang retensyon ng impormasyon sa memorya ng mga mag-aaral kaysa sa muling pag-aaral sa isang partikular na aralin (Yang, Razo, & Persky, 2019).

Sa mga nabanggit na patunay, ang parehong mga karanasan ay lumabas sa mga pananaliksik na ang kalahok ay mga mag-aaral sa kursong Nursing. Ayon sa pananaliksik nina Delaram, Shams, at Sadeghi Gandomani (2017), napapataas ng mga lingguhang pagsusulit ang marka ng mga mag-aaral sa kanilang panggitna at pinal na eksaminasyon. Napabababa rin nito ang kanilang *stress* habang tumataas ang kanilang kahandaan at partisipasyon sa mga harapang *tutorial sessions* (Hughes, Salamonson, & Metcalfe, 2020). Bagamat hindi ito nagbibigay ng direktang kaalaman, sinasalamang ng mga pagsusulit kung saang bahagi pa ng aralin sila nahihirapan na nakahihikayat sa kanilang mas pagbutihin pa ang kanilang pag-aaral (Oh & Hwang, 2022). Sa konteksto ng bansang Pilipinas, lumabas sa pag-aaral ni Oducado (2019), na ang performans ng mga mag-aaral ng Nursing sa mga regular na maiikli at mahahabang pagsusulit ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang pagganap sa pinal na eksaminasyon. Ang mga palagiang pagsusulit ay nakapagpabuti sa marka ng mga mag-aaral sa kursong *Maternal and Child Health*. Dagdag pa nila, ito ay epektibong paraan upang matukoy ang mga mag-aaral na nanganganib na bumagsak. Tunay na may positibong naidudulot ang mga pagsusulit sa mga mag-aaral ng kursong Nursing sa loob at labas ng bansa.

Subalit, sa kabilang banda, hindi maaaring ipagsawalang-bahala ang negatibong naidudulot ng pagsasagawa ng pagsusulit sa mga mag-aaral. Lumabas sa pag-aaral nina, Vinall at Kreys (2020), na ang pagkuha ng pagsusulit ay nakapagpapataas sa antas ng *stress* at nakapagpabababa sa kasiyahan ng mga mag-aaral sa isang asignatura. Ang ganitong resulta ay maaaring makaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagaman nagkakasalungat ang mga karanasang ito ay marahil dahil sa iba't ibang salik. Ayon sa pananaliksik ni Tan (2024), may positibong impak ang haba ng oras na inilaan sa pag-aaral at ang marka sa huling pagsusulit sa makukuhang marka sa kasalukuyang pagtataya. Ang trabaho at antas sa edukasyon ng mga magulang ay may makahulugang impluwensiya rin sa nagiging pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang mga pagsusulit (Paano & Fuentes, 2024). Panghuli, ang pagsusulit na isinasagawa sa loob ng silid-aralan ay lumabas na may mas malaking benepisyo para sa mga mag-aaral; kung ito ay isinasagawa pagkatapos ng talakayan (Yang, Luo, Vadillo, Yu, & Shanks, 2020); at kung ito ay ipinabatid sa kanila ng guro (Alia & Dolotallas, 2018).

Isa sa mga asignaturang kinukuha ng mga mag-aaral sa Nursing ay ang Filipino. Lumabas sa mga pananaliksik na sa kasalukuyan ay mas nahihikayat ang mga mag-aaral na matuto sa nasabing asignatura kung ito ay ginagamitan ng mga makabagong teknolohiya at mga kagamitan (Margallo, Cacharro, Bergula, Villafior, Agner et al, 2023). Mas nagiging maganda rin ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang ito kung sa simula pa lamang ay may positibo na silang saloobin hinggil dito (Paano & Fuentes, 2024). May impluwensiya rin ang kakayahan ng guro sa mahusay na pagtuturo ng asignatura sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral (Lojente, 2024).


Gayunpaman, wala pang pananaliksik na nakatuon sa karanasan ng mga mag-aaral ng kursong Nursing sa mga pagsusulit nila sa asignaturang Filipino. Mahalaga ang pananaliksik na ito sapagkat sa hinaharap ay inaasahang magagamit ng mga mag-aaral ang wika sa maayos na pakikisalamuha sa kanilang trabaho at sa mga pasiyenteng posible nilang maalagaan kaya dapat masigurong ito ay lubos nilang natututuhan batay sa mga pagsusulit na kanilang kinukuha. Ang pananaliksik na ito ay makadaragdag ng kaalaman sa umiiral nang mga pag-aaral; at makapagbubukas sa panibagong perspektibo ng pananaliksik sa konsepto ng pagsusulit sa Filipino man o sa iba pang asignatura; sa Nursing man o sa iba pang larangan. Kaya naman, naging layunin ng pananaliksik na ito na pag-aralan ang karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkuha ng mga maiikling pagsusulit sa asignaturang Filipino. Kalakip ang mga salik ng kanilang pagpasa o hindi pagpasa sa nasabing mga pagsusulit; at ang mga mungkahi nila tungo sa mas epektibong pagsusulit sa asignatura batay sa kanilang mga karanasan.

Layunin ng Pananaliksik - Ang mga mag-aaral ng kursong Narsing ay may iba't ibang karanasan sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino. Nilayon ng pananaliksik na matugunan ang sumusunod na mga katanungan:

- Ano ang karanasan ng mga mag-aaral sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino?
- Ano ang mga salik na nakaimpluwensiya sa mga mag-aaral kung ito ay susuriin batay sa kanilang pagpasa at hindi pagpasa?
- Ano ang maimumungkahi ng mga mag-aaral sa pagbuo ng epektibong pagsusulit sa Filipino batay sa kanilang karanasan?

Kaligirang Teoretikal - Ang pag-aaral na ito ay nakasalig sa mga teoryang *Self-Determination Theory*, *Walberg's Theory of Educational Productivity*, at *Achievement Goal Theory*. Ayon sa *Self-Determination Theory* (Ryan & Deci, 2020), ang tao ay likas na nalilinig sa kanilang pagkatuto, pagiging bihasa, at pakikisalamuha sa iba kung natutugunan ang tatlo sa pangunahing pangangailangang sikolohikal na mapamahalaan ang sarili (autonomy), kakayahan (competence), at pagkakaugnay (relatedness) na siya namang dapat natutugunan ng mga gawaing pang-akademiko, kasama na ang mga pagsusulit. Ito ay maiuugnay sa *Theory of Educational Productivity* ni Walberg (Rugutt & Chemosit, 2025), kung saan natukoy ang siyam na baryabol na nakaiimpluwensiya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ito ay kinabibilangan ng kakayahan ng mag-aaral, motibasyon, edad, bilang at kalidad ng pagtuturo, klima ng silid-aralan, kapaligiran sa tahanan, mga kaibigan, at ang mass media. Ang mga ito ay maaaring nagiging salik din sa pagpasa o hindi pagpasa ng mga mag-aaral sa kanilang mga pagsusulit sa Filipino. Dagdag pa, inilahad sa *Achievement Goal Theory* (Hornstra, Majoor, & Peetsma, 2017) na ang motibasyon ng isang tao ay nakabatay din sa nabuo nilang layunin, kung ito ay para sa lubos nilang kasanayan (mastery goals) o para mahigitan ang iba (performance goals). Ang mga teoryang ito ay nagsilbing gabay sa landas na tinahak ng kasalukuyang pananaliksik.

Balangkas ng Pag-aaral - Ang balangkas konseptuwal na ito ay nagpapakita nang malinaw at matibay na batayan, tunguhin, at estratehiya ng mananaliksik sa pagsasagawa ng nasabing pag-aaral na nakasalig sa *Explanatory Sequential Design* sa ilalim ng *mixed method* na pananaliksik.



Figyur 1: *Balangkas ng pag-aaral*

3. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang *mixed method* na pananaliksik na gumamit ng disenyong *Explanatory Sequential Design* na inuna ang pangangalap at pag-unawa sa kwantitatibong datos upang masagot ang una at ikalawang layunin ng pananaliksik, sinundan ito ng pangangalap at pag-unawa sa kwalitatibong datos upang lubos na maunawaan ang naunang mga datos at masagot ang natitirang layunin (George, 2025). Unang isinagawa ang sarbey upang matukoy ang mga karanasan at salik sa pagpasa at hindi pagpasa ng mga mag-aaral sa mga pagsusulit

sa Filipino. Ginamit sa bahaging ito ang nabuong talatanungan sa anyong *Google form*, at nilapatan ng *Five-point Likert Scale* (Bhandari & Nikolopoulou, 2020), na sinuri at inaprobahan ng mga validators at nasubok ang kalidad gamit ang *Cronbach Alpha* sa tulong ng 20 mga mag-aaral. Ang sarbey ay nilahukan ng 101 na mga mag-aaral ng Nursing na may kabuuang populasyong 135 na natukoy gamit ang *Slovin's Formula* (Bobbitt, 2023) at *simple random sampling* (Thomas, 2020). Sinuri ang datos ng sarbey gamit ang *weighted mean* (Ganti, 2026) at binigyang-kahulugan batay sa interpretasyon ni Pimentel (2019).

Sumunod na isinagawa ang *semi-structured in-depth interview* sa sampung partisipant na natukoy gamit ang *purposive sampling* (Nikolopoulou, 2022). Ang resulta ng panayam ay sinuri batay sa *thematic analysis* (Ahmed, Mohammed, Nashwan, Ibrahim, Abdalla et al, 2025). Ang buong pag-aaral ay isinagawa sa isang kolehiyong may kursong Nursing na kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Filipino. Maingat na isinagawa ng mananaliksik ang pag-aaral kung kaya't walang respondente o partisipant ang nalagay sa alanganin o nasaktan—pisikal man o sikolohikal. Ang lahat ng kalahok ng pag-aaral ay nagbigay ng pahintulot na sila ay maging bahagi nito. Tiniyak din ng mananaliksik na walang personal na impormasyon nila ang lumabas o inilatag sa buong pag-aaral bagkus, lahat ng ito ay pinanatiling kumpedensiyal at pribado.

4. Resulta at Pagtalakay

Sa bahaging ito matutunghayan ang presentasyon at interpretasyon ng mga nakalap na datos mula sa mga respondente at partisipant batay sa isinagawang sarbey at pakikipanayam.

4.1 *Karanasan ng mga mag-aaral sa maiikling pagsusulit sa Filipino*

Ang unang layunin ng pananaliksik ay ang pagtukoy sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang maiikling pagsusulit sa asignaturang Filipino. Makikita sa ibaba ang resulta at talakayan ng mga datos bilang tugon sa layuning ito.

Talahanayan 1

Karanasan ng mga mag-aaral sa maiikling pagsusulit sa Filipino

Dahil sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino ay ...	Weighted Mean	Interpretasyon
nalalaman ko kung natutuhan ko ang aralin	4.39	Lubos na Sumasang-ayon
natutukoy ko ang mga aralin na dapat ko pang pag-aralan	4.35	Lubos na Sumasang-ayon
mas matagal na nananatili ang aralin sa aking memorya	3.69	Sumasang-ayon
nahihikayat ako na regular na magbasa (study)	3.80	Sumasang-ayon
nahihikayat akong palaging pumasok sa klase	4.02	Sumasang-ayon
nakapaghahanda ako para sa lagumang pagsusulit	4.16	Sumasang-ayon
nahahasa akong sumagot sa mahihirap na tanong	3.83	Sumasang-ayon
tumataas ang tiwala ko sa aking sarili (self-confidence)	3.98	Sumasang-ayon
bumababa ang aking pagkabalisa (stress level)	3.61	Sumasang-ayon
tumataas ang aking kasiyahan sa kurso	3.92	Sumasang-ayon

Batay sa talahanayang ito, ang mga karanasan sa maiikling pagsusulit sa Filipino na lubos na sinang-ayunan ng mga mag-aaral ay ang pagkakaroon nila ng kaalaman kung talagang natutuhan nila ang aralin na nakakuha ng weighted mean na 4.39; at ang pagtukoy sa mga aralin na kinakailangan pa nilang pag-aralan na nakakuha naman ng 4.35 na weighted mean. Ayon sa pakikipanayam sa mga partisipant, dahil sa mga pagsusulit ay nababalikan nila ang mga paksang tinalakay (P6) at nasasabi nilang natutuhan nila ang aralin kung mataas ang nakuha nilang marka (P6 & P8). Ang resultang ito ay naaayon sa pananaliksik nina Rugelj at Rugelj (2018) kung saan lumabas na ang mga mag-aaral na madalas kumuha ng mga pagsusulit ay mas marami ang natututuhan at tumataas ang paniniwala sa sariling kakayahan (self-efficacy).

Sa kabilang banda, ang natitirang mga pahayag ay sinang-ayonan din mga mag-aaral bilang bahagi ng kanilang karanasan sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino. Sa pamamagitan nito ay nakapaghahanda sila para sa lagumang pagsusulit (4.16) dahil nagkakaroon na sila ng ideya sa kung ano ang mga posibleng itanong (P1, P3), kaya nahihikayat silang pumasok sa klase (4.02) dahil mas mabilis nilang nauunawaan ang mga konsepto kung

naroon sila sa oras ng talakayan (P9). Tumataas din ang kanilang pagtitiwala sa sarili (3.98) at ang kanilang kasiyahan sa kurso (3.92) kung sila ay nakapapasa (P6) at kung mataas ang natatangap nilang marka (P9). Dagdag pa, nahahasa sila sa pagsagot sa mga mahihirap na tanong (3.83) sapagkata nakabubuo sila ng sarili nilang mga kaparaanan kung paano ito sasagutin (P3). Nahihikayat din silang regular na magbasa (3.80) at magsagawa ng mga karagdagang pananaliksik (P4). Nabanggit din nilang mas nananatili ang aralin sa kanilang memorya (3.69) dahil tila nagkaroon na sila ng paunang rebyu bago ang pagsusulit at sa oras ng pagwawasto rito ay tunay na tumitimo ang mga sagot sa kanilang alaala (P3). Panghuli, nababawasan ang kanilang pagkabalisa sa asignatura (3.61) dahil mas nauunawaan nila ang aralin (P4) at hindi na rin nila kailangang magmadali sa pagrerebyu dahil nabasa naman na nila ito bilang paghahanda sa pagsusulit (P6, P2).

Ang mga resultang nabanggit ay sumasang-ayon sa pananaliksik nina Kenney at Bailey (2021) at Kromer (2023) na nagsabing ang pagkuha ng mga pagsusulit, na tinukoy nila bilang “retrieval practice,” ay nakatutulong upang mas maalala ng mga mag-aaral ang mga pinag-aralang materyal. Dagdag pa, ang mga pagsusulit ay nagtataguyod ng mas aktibong pagdalo sa klase, pag-censayo. rebyu, at pagtatagumpay ng mga estudyante (El-Hashash, 2022). Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay may positibong karanasan sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino.

4.2 Salik sa pagpasa o hindi pagpasa sa mga maiikling pagsusulit

Ang ikalawang layunin ng pananaliksik ay nahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay ang pagtukoy sa mga salik sa pagpasa ng mga mag-aaral sa kanilang maiikling pagsusulit sa Filipino.

Talahanayan 2

Mga salik sa pagpasa sa maiikling pagsusulit sa Filipino

Pumapasa ako sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino dahil ...	Weighted Mean	Interpretasyon
malinaw ang naging pagtalakay ng guro	4.52	Lubos na Sumasang-ayon
maagang ipinabatid (announced) sa amin ang isasagawang pagsusulit	4.63	Lubos na Sumasang-ayon
ang mga tanong ay malinaw at madaling maunawaan	4.25	Lubos na Sumasang-ayon
ang mga aytem ay tugma sa aming tinalakay at pinag-aralan	4.55	Lubos na Sumasang-ayon
sapat ang oras na ibinigay sa pagsagot	4.45	Lubos na Sumasang-ayon
pinag-aralan ko nang maigi ang aralin	4.03	Sumasang-ayon
nagkaroon ako ng sapat na oras para mapag-aralan ang paksa	4.05	Sumasang-ayon
gusto ko talaga ang asignaturang Filipino	3.60	Sumasang-ayon
ang pagsusulit ay ibinigay pagkatapos matalakay ang paksa	4.28	Lubos na Sumasang-ayon
kami mismo ang magbibigay ng tamang-sagot (identification)	3.75	Sumasang-ayon

Makikita sa talahanayang ito na ang pinakapangunahing salik sa kanilang pagpasa na lubos na sinang-ayonan ng mga mag-aaral ay ang maagang pagpapabatid sa kanila tungkol sa isasagawang pagsusulit na may weighted mean na 4.63. Ito ay sumasalungat sa pag-aaral nina Mironenko at Alvarez (2023) na nagsasabing ang pagbibigay ng *unannounced quizzes* na tinukoy nila bilang “pop quizzes” ay nakatulong upang tumaas ang pinal na marka, dumalo sa klase, maging madalas ang pag-aaral, at makapaghanda sa eksam ang mga mag-aaral. Paliwanag ng karamihan sa mga partisipant, ang maagang pagpapabatid sa kanila ng isasagawang pagsusulit ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon para makapagbasa at makapaghanda (P2, P3, P4, P5, P7, P9, P10) upang makakuha ng mataas na marka.

Kasama rin sa mga salik sa kanilang pagpasa sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino na lubos na sinang-ayonan ng mga mag-aaral ay ang pagsagot sa mga aytem na tugma sa paksang tinalakay at pinag-aralan (4.55) dahil mas nagiging mabilis daw ang kanilang pagsagot (P7) lalo na kung ang terminong ginamit ay tugma sa presentasyong ibinahagi ng guro (P4). Kasama rin ang malinaw na pagtalakay ng guro (4.52) na dahilan upang mas maengganyo sila sa pakikinig at pagkatuto (P7). Dagdag pa, ang ibinigay na oras ay naging sapat sa kanilang pagsagot (4.45) kaya sila ay nakapag-iisip pa nang maayos at nang walang pagmamadali (P5, P10). Pumapasa rin sila kung ang pagsusulit ay ibinigay matapos matalakay ang aralin (4.28) sapagkat bumabalik sa kanilang memorya ang tinalakay ng guro (P6). Paghuli ay kung ang mga tanong ay malinaw at madaling maunawaan (4.25) lalo na

kung ito ay hindi gumamit ng malalalim na salita (P6) dahil sa pamamagitan nito ay madali nilang naiisip ang sagot (P3) kahit walang pagpipilian (P9).

Ang resulta ay tumatalima sa iba't ibang pananaliksik na nagbigay diin sa kahalagahan ng pagbuo ng maayos na pagsusulit at wastong pagpapatupad nito (Edokpayi, 2025); at sa kasanayan ng guro na ayon sa pag-aaral ni Lojente (2024) ay may positibong ugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon pa nga kay Orobias (2022) na binanggit sa papel ni Llego (2025), ang maayos na sistema ng pagtataya ay nagpapataya sa kalidad ng edukasyon at tagumpay ng mag-aaral. Ang natitirang mga salik sa pagpasa sa maiikling pagsusulit sa Filipino ay sinang-ayonan din ng mga mag-aaral. Ayon pa sa ilang partisipant, ang pagkakaroon ng sapat na oras sa pag-aaral ay nakatutulong sa kanila upang mas matutuhan ang paksa (P10) at makagawa ng sariling kaparaanan kung paano maalala ang mga pinag-aralang konsepto (P9) tungo sa mas madali nilang pagsagot sa mga tanong (P5). Tunay na mahalaga ang pagbibigay ng sapat na oras sa mga mag-aaral na makapagbalik-aral (Tan, 2024) kaya mas inirerekomenda ang pagbibigay ng pagsusulit pagkatapos talakayin ang isang paksa (Yang, Shanks, Zhao, Fan, & Luo, 2023).

Ang ikalawang bahagi ng layuning ito ay ang pagtukoy sa mga salik sa hindi pagpasa ng mga mag-aaral sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino.

Talahanayan 3

Mga salik sa hindi pagpasa sa maiikling pagsusulit sa Filipino

Hindi ako pumapasa sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino dahil ...	Weighted Mean	Interpretasyon
hindi malinaw ang naging pagtalakay ng guro	1.89	Hindi Sumasang-ayon
hindi ipinabatid (announced) sa amin ang isasagawang pagsusulit	1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon
ang mga tanong ay malabo at mahirap unawain	2.13	Hindi Sumasang-ayon
ang mga aytem ay hindi tugma sa aming tinalakay at pinag-aralan	1.77	Lubos na Hindi Sumasang-ayon
hindi sapat ang oras na ibinigay sa pagsagot	1.86	Hindi Sumasang-ayon
hindi ko pinag-aralan nang maigi ang aralin	2.36	Hindi Sumasang-ayon
hindi ako nagkaroon ng sapat na oras para mapag-aralan ang paksa	2.44	Hindi Sumasang-ayon
hindi ko talaga gusto ang asignaturang Filipino	2.33	Hindi Sumasang-ayon
ang pagsusulit ay ibinigay bago matalakay ang paksa	2.46	Hindi Sumasang-ayon
kami mismo ang magbibigay ng tamang-sagot (identification)	2.63	Neutral

Makikitang halos lahat ng pahayag sa talahanayang ito ay lubos na hindi sinang-ayonan at hindi sinang-ayonan ng mga respondente. Ito ay nangangahulugang karamihan sa mga nabanggit ay hindi nila maituturing na salik sa hindi nila pagpasa sa maiikling pagsusulit sa Filipino. Ang resultang ito ay maiuugnay sa pag-aaral nina Falcasantos, Buduan, Mendoza, Sabanal, at Ferbes (2024) na bagamat may natukoy na mga salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa paraan ng pagtuturo ng guro, kapaligiran, at ang paraan nila sa pagkatuto; ang mga ito ay walang makabuluhang ugnayan sa kanilang nakukuhang marka sa Filipino. Ang natatanging pahayag na nakakuha ng interpretasyong neutral mula sa mga mag-aaral batay sa weighted mean nitong 2.63 ay ang salik na may kinalaman sa pagkuha nila ng mga pagsusulit sa anyong *identification*. Hindi sigurado ang mga partisipant sa salik na ito dahil ayon pa nga sa isang partisipant, nakadepende pa rin ito sa “difficulty” ng kukuning pagsusulit (P5). Ang resultang ito ay maiuugnay sa pananaliksik ni Turhan (2020) na naghayag na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa kanilang pagganap batay sa anyo ng pagsusulit.

Sa pamamagitan ng isinagawang panayam, nilinaw ng mga partisipant na may ibang mga salik na itinuturing nilang dahilan sa hindi nila pagpasa sa mga pagsusulit sa Filipino na hindi nabanggit sa talatanungan ng pag-aaral na ito.

Talahanayan 4

Iba pang mga salik sa hindi pagpasa sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino

Salik	Pagpapaliwanag ng mga Mag-aaral
Katamaran	Katamaran, hindi nagbabasa, wala talagang interes (P2)
	Pumapasok lamang para sa attendance (P4)
	Kung palaging absent (P6)
	Hindi nagbasa kahit maagang ipinabatid ang pagsusulit (P9)
	Hindi talaga nag-aral (P10)

Berbal na pagtatanong	Natataranta kami kung binibigkas lamang ng guro ang mga tanong (P4) Nakalilito ang berbal na pagtatanong (P6)
Anyo ng mga tanong	Kung mahahaba ang mga tanong at gumamit ng malalalim na salita (P6) Malalalim na salita sa Filipino (P8)
Nakalilimot sa pinag-aralan	Nakalimutan ang binasa dahil sa dami ng asignaturang pinag-aralan (P7) Nakalimutan ang pinag-aralan lalo na kung sabay-sabay ang mga pagsusulit sa iba't ibang asignatura (P9)

Katamaran. Ayon sa mga partisipant, hindi makapapasa ang isang estudyante kung ito ay tamad pumasok o di kaya ay palaging lumiliban (P6) o kung pumapasok man ay para lamang sa attendance (P4) at wala talagang interes sa pagkatuto (P2). Nabanggit rin nila bilang salik ang katamaraan sa pagbabasa o pag-aaral kahit pa maagang ipinabatid ang isasagawang pagsusulit (P9). Tunay na pawang negatibo ang naidudulot ng katamaran sa karanasan ng mga partisipant. Ganoon pa man, lumabas sa pananaliksik ni Jenkins (2023) na ang katamaran ay maaaring ituring na *coping mechanism* ng mga mag-aaral na humaharap sa iba't ibang suliranin, higit kaysa isang dahilan ng mababang pagganap sa paaralan. Dahil dito ay iminumungkahi ang pagkilala sa ipinakikitang katamaran at prokastinasyon ng mga mag-aaral na may iba't ibang antas ng akademikong pagganap (Dautov, 2020).

Berbal na pagtatanong. Ayon sa mga partisipant, nalilito (P6) at natataranta sila kung binabasa lamang ng guro ang tanong (P4). Kaugnay nito, nabanggit sa pananaliksik nina Agi at Kpum (2023) na upang makakuha ng magkatutugma at ganap na kaalaman ang guro hinggil sa kakayahan ng mga mag-aaral ay kailangang niyang gumamit ng iba't ibang anyo at paraan ng pagsusulit.

Anyo ng mga tanong. Ibinahagi ng mga partisipant na nagiging salik sa kanilang pagpasa ang haba ng mga tanong (P6) at ang paggamit ng malalalim na salitang Filipino (P6, P8). Ayon sa kanila, hindi nila araw-araw na ginagamit ang Filipino kaya nahihirapan talaga sila sa pag-unawa dito. Naaayon ito sa pananaliksik nina Case at Kennedy (2021) na ang estruktura, haba, puntos, anyo ng tanong, at pagbibigay ng *feedback* ay dapat gawing angkop at patas sa panig ng mga mag-aaral upang makamit ang pinakamataas nilang motibasyon at pakikilahok sa klase.

Nakalilimot sa pinag-aralan. Ayon sa mga partisipant, ito ay maaaring dahil sa dami ng kanilang asignatura (P7) at kapag nagsasabay-sabay ito sa pagbibigay ng pagsusulit (P9). Nahihirapan silang pagsabay-sabayin ang mga ito, lalo na at ang kanilang kurso ay medikal. Ang parehong karanasan ay lumabas na maaaring dahilan ng pagkalimot sa mga pinag-aralan, kasama na ang kakulangan sa tulog, mga medikasyon, alcohol, stress at anxiety, at depresyon (Pendick, 2020).

4.3 Mungkahi sa pagbuo ng epektibong pagsusulit sa Filipino

Ang ikatlong layunin ng pananaliksik ay ang paghingi ng mga mungkahi ng mga partisipant sa pagbuo ng epektibong pagsusulit sa Filipino batay sa kanilang karanasan. Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng pakikipanayam.

Talahanayan 5

Mungkahi sa pagbuo ng epektibong pagsusulit sa Filipino

Mungkahi	Paliwanag ng mga Mag-aaral
Anyo ng pagsusulit	Mas mabuti kung printed ang mga tanong sa quiz (P1) Mas mabuti ang may test paper (P2)
	Printed questionnaire para mabalikan pa ang mga tanong na hindi agad naunawaan (P3, P10) Printed questionnaires para hindi kailangang magmadali at mas kaunti ang magagawang pagkakamali (P4)
Estruktura ng tanong	Paikliin ang mga tanong at lubos na nauunawaan (P1) Huwag gumamit ng malalalim na salita (P5)
	Paikliin ang mga tanong at huwag gumamit ng mga malalalim na salita para sa mga hindi sanay sa Filipino (P6) Magbigay ng pagsasalin sa malalalim na salita na nakapaloob sa isang panaklong (P8)
Panahon ng pagsusulit	Pagkatapos ng talakayan, quiz agad (P7, P9)

Anyo ng pagsusulit. Iminungkahi ng mga partisipant na mas magiging epektibo ang isang pagsusulit kung ang

mga tanong ay inilimbag sa *test paper* (P1, P2) upang mabalikan pa nila ang mga tanong na hindi nila agad nauunawaan (P3, P10) nang sa gayon ay hindi nila kailangang magmadali at kakaunti ang magagawa nilang pagkakamali (P4). Ang mungkahing ito ay naaayon sa pananaliksik nina Sevim-Cirak at Islim (2023) kung saan lumabas na ang mga mag-aaral na nag-take ng mga *paper-based quizzes* ay nagkamit ng mas mataas na marka at *retention test scores*.

Estruktura ng tanong. Iminungkahi ng mga partisipant na ang mga tanong ay dapat paikliin (P1, P6) at huwag gamitan ng malalalim na salita sa Filipino para sa kapakanan ng mga hindi sanay sa nasabing wika (P5, P6). Dagdag pa nila, kung sakaling gagamit ng malalalim na salita, mas makabubuting samahan ito ng pagsasalin na nakapaloob sa panaklong (P8). Ang mungkahing ito ay maiuugnay sa nabanggit ni Pacheco (2024) na sa pagbuo ng mga tanong ng isang pagsusulit ay kailangang gawin itong simple, nauunawaan, at maikli hanggat maaari. Dagdag niya pa, ang epektibong haba ng mga tanong ay binubuo ng 10-20 na salita.

Panahon ng pagsusulit. Ilan sa mga partisipant ang nagmungkahi na sa parehong araw na natapos ang talakayan ay dapat magbigay na agad ng pagsusulit (P7, P9). Ito ay sa kadahilanang presko pa sa kanilang alaala ang mga konseptong pinag-aralan. Ito ay maaaring gawin ng guro nang may pagsasaalang-alang sa resulta ng pananaliksik nina Case at Kennedy (2021) kung saan inihayag na ang *quiz sequence*, na tumutukoy sa pagbibigay ng pagsusulit bago o pagkatapos ng talakayan, ay may makabuluhang epekto sa motibasyon, pakikilahok sa klase, at pagkatuto ng mga mag-aaral.

4.4 *Karanasan ng mga mag-aaral ng Nursing sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino*

Ang pananaliksik na Pagsusuri sa Karanasan ng mga mag-aaral sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino ay naglayong masuri ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng kursong Nursing sa mga maiikling pagsusulit sa nasabing asignatura; matukoy ang mga salik sa kanilang pagpasa at hindi pagpasa, at makalikom ng mga mungkahi sa pagbuo ng epektibong pagsusulit batay sa kanilang karanasan. Batay sa resulta, lumabas na sa pamamagitan ng mga maiikling pagsusulit sa Filipino ay nalalaman ng mga mag-aaral ang antas ng kanilang pagkatuto (4.39) dahil nababalikan nila ang kanilang mga pinag-aralan at natutukoy din nila kung aling mga aralin pa ang dapat nilang pag-aralan (4.35) batay sa resulta o markang kanilang nakukuha. Ito ay sumasang-ayon sa *Self-determination Theory* (Ryan & Deci, 2020) sapagkat ang mga maiikling pagsusulit sa Filipino ay nakatutugon sa mga pangangailangan nila na mapamahalaan ang kanilang sarili at ang kanilang mga kakayahan kung kaya't nakapagpapatuloy sila sa pagkatuto sa asignatura. Ito ay tumatalima sa pananaliksik nina Delaram et al, (2017) at Hughes et al, (2020) na parehong nagpatunay na ang pagbibigay ng mga pagsusulit ay may mabuting naidudulot sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa larangan ng medikal. Kaya naman, ang mga paaralan at guro ay kinakailangang maipagpatuloy ang paggamit sa mga pagsusulit bilang instrumento sa pagtataya sa kaalaman ng mga mag-aaral at bilang gabay na rin sa kanilang lubos na pagkatuto.

Lumabas naman na ang pangunahing salik sa kanilang pagpasa sa mga maiikling pagsusulit ay dahil ipinababatid ito ng guro sa kanila sa maagang panahon (4.63) sapagkat nagkakaroon sila ng sapat na oras para makapag-aral; ang mga aytem ay tugma sa kanilang tinalakay at pinag-aralan (4.55) dahil iyon talaga ang naging pokus ng kanilang pagbabalik-aral; naging malinaw ang pagtalakay ng guro (4.52) na dahilan upang mas madali nilang maunawaan ang aralin; sapat ang oras na ibinigay sa kanilang pagsagot (4.45) kaya hindi nila kailangang magmadali sa pagsagot at kakaunti lamang ang nagagawa nilang pagkakamali; ito ay ibinigay pagkatapos matalakay ang paksa (4.28) sapagkat nagkaroon na sila ngayon ng sapat na kaalaman; at ang mga tanong ay malinaw at mading maunawaan (4.25) na kahit walang pagpipilian ay masasagutan nila ang mga pagsusulit. Ang mga salik na ito ay tumutugma sa *Walberg's Theory of Educational Productivity* (Rugutt & Chemosit, 2005), partikular na ang mga salik na may kinalaman sa kalidad ng pagtuturo na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagiging maalam at epektibo ng paraan at kasanayan sa pagtuturo ng guro sa Filipino (Lojente, 2024). Sa ganitong sabi, kailangang mas paigtingin ng mga institusyon at kaguruan ang kanilang kakayahan at kahusayan sa pagbibigay ng maayos at sistematikong pagsusulit sapagkat ito ay nakatutulong nang malaki sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ibinahagi ng mga partisipant na sila ay hindi pumapasa sa mga pagsusulit dahil sa katamaran, kung berbal ang pagtatanong at ang anyo nito, at kung nakalilimutan nila ang kanilang pinag-aralan. Ayon pa sa kanila, kailangang mapagtagumpayan ng mga mag-aaral ang natukoy na mga salik kung gusto talaga nilang makapasa sa mga pagsusulit. Ito ay maiuugnay sa *Achievement Goal Theory* (Hornstra et al, 2017) dahil kung magkakaroon ng malinaw na hangarin ang mga mag-aaral ay siguradong makakamit nila ang mga ito. Kailangang maging matuwid ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa dahilan ng kanilang pagpasok sa araw-araw upang patuloy silang magpursige tungo sa hustong karunungan.

Mula sa kanilang karanasan, ang mga mag-aaral ay nagbigay ng mga mungkahi upang maging mas epektibo ang mga pagsusulit sa Filipino. Iminungkahi nila na ang mga tanong ay dapat nakalimbag, maiikli, at ginamitan ng karaniwang mga salita lamang. Ibinahagi rin nila na kung maaari ay maibigay na ang pagsusulit sa mismong pagtatapos ng aralin dahil mas malinaw pa ang mga konsepto sa kanilang alaala sa mga panahong iyon. Ang kanilang mga mungkahi ay maiuugnay sa mga pananaliksik nina Pacheco (2024) at Case at Kennedy (2021), na nagbigay diin sa kahalagahan ng pagsasaalang-alang ng guro sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pagsusulit upang ito ay maging epektibo sa pagsubok sa kanilang mga natutuhan. Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ng Nursing ay may iba't ibang karanasan sa mga maiikling pagsusulit sa Filipino. Sila ay pumapasa o hindi dahil sa iba't ibang mga salik kaya nakapagbigay sila ng mga mungkahi upang ito ay maging epektibo batay sa kanilang karanasan. Ang karanasan at mga mungkahing ito ay mahalaga upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral; at upang sila ay matulungan at magabayan ng institusyon at kaguruan tungo sa higit na pagkatuto't ganap na katagumpayan.

5. Konklusyon

Ang mga mag-aaral ng kursong Nursing ay may iba't ibang karanasan sa kanilang maiikling pagsusulit sa Filipino. Sa pamamagitan ng mga pagsusulit ay nalalaman nila ang antas ng kanilang pagkatuto at ang mga bahagi ng aralin na kailangan pa nilang pag-aralan. Pumapasa sila sa mga pagsusulit na ito dahil (1) maaga itong ipinabatid sa kanila ng guro, (2) ang mga aytem ay tugma sa tinalakay at kanilang pinag-aralan, (3) naging malinaw ang pagtalakay ng guro, (4) sapat ang ibinigay na oras sa kanilang pagsagot, (5) ang pagsusulit ay ibinigay pagkatapos matalakay ang paksa, at (6) ang mga tanong ay malinaw at madaling maunawaan. Sa kabilang banda, ang mga salik sa hindi pagpasa ay ang may kaugnayan sa (1) katamaran, (2) berbal na paraan ng pagtatanong, (3) anyo ng mga tanong, at (4) kapag nakalilimutan nila ang kanilang pinag-aralan. Dahil dito ay iminungkahi ng mga mag-aaral ang (1) paggamit ng nakalimbag na talatanungan, (2) pagpapaikli sa mga tanong at paggamit ng mga karaniwang salita sa pagbuo nito, at ang (3) agarang pagbibigay nito pagkatapos ng talakayan upang ito ay maging epektibo sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Rekomendasyon - Batay sa resulta at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik sa mga guro ang patuloy na paggamit ng mga pagsusulit dahil ito ay may magandang naidudulot sa karanasan ng mga mag-aaral. Makabubuti rin ang patuloy na pagtukoy sa mga salik sa pagpasa at/o hindi pagpasa ng mga mag-aaral at gamitin itong batayan sa pagbuo ng pagsusulit. Magiging mas mainam rin kung gagamit ng nakalimbag na talatanungan, pananatiliing maiikli ang mga tanong sa pagsusulit, gagamitan ng karaniwang mga salita, at kung ito ay lilikhain sa iba't ibang anyo o porma. Ang mga mag-aaral ay kinakailangang maging masipag sa pagdalo at pakikiisa sa klase dahil ito ay isang mahalagang hakbang sa kanilang lubos na pagkatuto. Maging bukas sa kanilang guro hinggil sa kanilang mga karanasan at huwag mag-atubiling magbigay ng suhestiyon kung ito ay makatutulong sa pagiging epektibo at produktibo ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa mga paaralan at institusyon naman, kinakailangang mapaglaanan ng pondo ang mga kagamitang kakailanganin ng guro sa pagsasakatuparaan ng mga gawain sa klasrum, lalo na ang pagbibigay ng pagsusulit. Gayong lumabas sa pag-aaral na ito na mas nagiging epektibo sa mga mag-aaral ang pagsagot sa mga tanong na nakalimbag, mas makabubuting maipagpatuloy ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga guro ng mga kagamitan tulad ng mga *bond paper*, *ink*, at *printer*. Sa susunod na mga mananaliksik, magsagawa pa nang mas malalim at malawak na pag-aaral hinggil sa mga karanasan at mga salik sa pagpasa at/o hindi pagpasa ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulit sa Filipino at maging sa iba pang mga asignatura, antas, at larangan.

AI Use Disclosure. Gumamit ang mananaliksik ng Microsoft Copilot, 2026 para lamang sa pagsasalin ng abstrak nito sa wikang Ingles. Sinuri at inedit ng may-akda ang output, kabilang ang beripikasyon ng mga terminong ginamit at daloy ng pagpapahayag. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa AI tools. Ganap na pananagutan ng may-akda ang nilalaman.

6. Sanggunian

- Agi, C. & Kpum, M. M. (2023). Effects of tests format on academic achievement of secondary school students in Basic Science. *Academia*. <https://www.academia.edu/102931165>
- Ahmed, S. K., Mohammed, R. A., Nashwan, A., Ibrahim, R. H., Abdalla, A. Q., Ameen, B. M., & Khdir, R. M. (2025). Using thematic analysis in qualitative research. *ScienceDirect*. <https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S2949916X25000222>
- Alia, L. & Dolotallas, A. (2018). Perception towards examination and students' performance in three modes of quizzes. *Journal of Education & Social Policy*, 5(2), pp. 60-72.
- Bhandari, P. & Nikolopoulou, K. (2020). What is a Likert scale? Guide & examples. *Scribbr*. <https://www.scribbr.com/methodology/likert-scale/>
- Bobbitt, Z. (2023). What is Slovin's formula? (Definition & example). *Statology*. <https://www.statology.org/slovins-formula/>
- Case, J. & Kennedy, D. (2021). Using quizzes effectively: Understanding the effects of quiz timing on student motivation and knowledge retention. *American Society for Engineering Education*. <https://peer.asee.org/using-quizzes-effectively-understanding-the-effects-of-quiz-timing-on-student-motivation-and-knowledge-retention.pdf>
- Dautov, A. (2020). Procrastination and laziness rates among students with different academic performance as an organizational problem. *E3S Web of Conferences*. <https://doi.org/10.1051/e3sconf/202021018078>
- Delaram, M., Shams, S., & Sadeghi Gandomani, S. (2017). Effect of quizzes on test scores of Nursing students for learning maternal and child health. *Journal of Medical Education*, 16(2), pp. 118-122.
- Department of Education. (2015). *About Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program*. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/DO_s2015_08.pdf
- Edokpayi, J. N. (2025). Assessing the impact of frequent quizzes on student performance: Reflection from a rural-based institution. *Discover Education*, 4(480). <https://doi.org/10.1007/s44217-025-00930-8>
- El-Hashash, A. (2022). Weekly quizzes reinforce student learning outcomes and performance in Biomedical Sciences in-course assessments. *Open Journal of Educational Research*, 2(4), pp. 168-178.
- Falcasantos, A. J., Buduan, A. J., Mendoza, R., Sabanal, J., & Ferbes, G. (2024). Mga salik na nakaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 8(3), pp. 109-120.
- Ganti, A. (2026). Weighted average: Definition and how it is calculated and used. *Investopedia*. <https://www.investopedia.com/terms/w/weightedaverage.asp>
- George, T. (2025). Mixed methods research | Definition, guide, & examples. *Scribbr*. <https://www.scribbr.com/methodology/mixed-methods-research/>
- Gokcora, D. & DePaulo, D. (2018). Frequent quizzes and student improvement of reading: A pilot study in a community setting. *SAGE Open*. <https://journals.sagepub.com/doi/10.1177/2158244018782580>
- Hornstra, L., Majoor, M., & Peetsma, T. (2017). Achievement goal profiles and developments in effort and achievement in upper elementary school. *British Journal of Educational Psychology* 87(4), pp. 606-629. <https://doi.org/10.1111/bjep.12167>
- Hughes, M., Salamonson, Y., & Metcalfe, L. (2020). Student engagement using multiple-attempt weekly participation task quizzes with undergraduate nursing students. *National Library of Medicine*. <https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/32526682/>
- Iowa State University. (2020). Study shows quizzes improve academic performance. *LAS News*. <https://news.las.iastate.edu/2020/09/17/study-shows-quizzes-improve-academic-performance/>
- Jenkins, W. (2023). Laziness and how it affects our students. *Arkansas Tech University*.

- https://orc.library.atu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1034&context=atu_rs
- Kenney, K. & Bailey, H. (2021). Low-stakes quizzes improve learning and reduce overconfidence in college students. *Journal of the Scholarship of Teaching and Learning*, 21(2), pp. 79-92.
- Kromer, J. (2023). The power of quizzing: Benefits, challenges, and how to implement a plan. *Osmosis*.
<https://www.osmosis.org/blog/the-power-of-quizzing-benefits-challenges-and-how-to-implement-a-plan>
- Lojente, S. (2024). Empowering teachers: Enhancing students' performance in the Filipino subject through teaching competence. *International Journal of Scientific Engineering and Applied Science*, 10(7), pp. 1-7.
- Margallo, L., Cacharro, C., Bergula, J., Villaflor, S. R., Agner, M. L., Bughao, C., Calumpag, J., Calvara, C., Jamen, K. K., Loresca, A. V., Maanad, D., Refuerzo, J. M., Ripalda, L., & Rabuya, C. (2023). Effectiveness of Quizizz on students' learning motivation and engagement in a Filipino class. *East Asian Journal of Multidisciplinary Research*, 2(9), pp. 3719-3734
- Mironenko, O. & Alvarez, J. (2023). Assessing the impact of weekly in-class pop quizzes on student performance in a fundamental ECE course. *American Society for Engineering Education*.
<https://peer.asee.org/assessing-the-impact-of-weekly-in-class-pop-quizzes-on-student-performance-in-a-fundamental-ece-course.pdf>
- Nikolopoulou, K. (2022). What is purposive sampling? Definition & examples. *Scribbr*.
<https://www.scribbr.com/methodology/purposive-sampling/>
- Oducado, R. M. (2019). Are Nursing students' early course and perceived performance related to their final and actual course performance? *Nurse Media Journal of Nursing*, 9(2), pp. 167-175.
doi:10.14710/nmjn.v9i2.26675
- Oh, C. E. & Hwang, H. (2022). How does quiz activity affect summative assessment outcomes? An analysis of three consecutive years' data on self-directed learning. *Kosin Medical Journal*, 37(3), pp. 228-235.
- Paano, J. C., Fuentes, H. (2024). Factors affecting academic achievement in Filipino subject of grade 9 students in Dolores National High School Division of Eastern Samar. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 8(11), pp. 1726-1739.
- Pacheco, D. (2024). How to write quiz questions. *Interact*. <https://help.tryinteract.com/en/articles/1360493-how-to-write-quiz-questions>
- Pendick, D. (2020). 7 common causes of forgetfulness. *Harvard Health Publishing*.
<https://www.health.harvard.edu/blog/7-common-causes-of-forgetfulness-201302225923>
- Pimentel, J. (2019). Some biases in Likert scaling usage and its correction. *International Journal of Science: Basic and Applied Research*, 45(1), pp. 183-191.
- Rugelj, M. S. & Rugelj, J. (2018). Using quizzes on a regular basis to motivate and encourage student learning.
<https://www.researchgate.net/publication/326190573>
- Rugutt, J. K. & Chemosit, C. (2005). A study of factors that influence college academic achievement: A structural equation modeling approach. *Journal of Educational Research & Policy Studies*, 5(1), pp. 66-90. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ846830.pdf>
- Ryan, R. & Deci, E. (2020). Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective: Definitions, theory, practices, and future directions. *Contemporary Educational Psychology*.
<https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101860>
- Sevim-Cirak, N., & Islim, O. F. (2023). Paper versus online quizzes: Which is more effective?. *Active Learning in Higher Education*, 24(3), pp. 389-406.
- Tan, Y. (2024). Study the influencing factors of passing or failing the exam. *Theoretical and Natural Science* 36(1). Pp. 109-113. DOI: 10.54254/2753-8818/36/20240526
- Thomas, L. (2020). Simple random sampling | Definition, steps, & examples. *Scribbr*.
<https://www.scribbr.com/methodology/simple-random-sampling/>
- Turhan, N. S. (2020). Why do students prefer different question types?. *Eric*.
<https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1256344.pdf>
- United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization. *About Learning*. Retrieved from
<https://www.unesco.org/en/query-list/l/learning>
-

- Vinall, R. & Kreys, E. (2020). Use of end-of-class quizzes to promote pharmacy student self-reflection, motivate students to improve study habits, and to improve performance on summative examinations. *Pharmacy*. <https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/32927674/>
- Yang, B., Razo, J., & Persky, A. (2019). Using testing as a learning tool. *American Journal of Pharmaceutical Education*, 83(9), pp. 1862-1872.
- Yang, C., Luo, L., Vadillo, M., Yu, R., & Shanks, D. (2020). Testing (quizzing) boosts classroom learning: A Systematic and Meta-Analytic Review. *American Psychological Association*. <https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/33683913/>
- Yang, C., Shanks, D., Zhao, W., Fan, T., & Luo, L. (2023). Frequent quizzing accelerates classroom learning. *American Psychological Association*. <https://metacog.bnu.edu.cn/pdf/articles/2023/>

